Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-085**

**KAUTUSAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG AMENDED SITE DEVELOPMENT PLAN NG FILINVEST CORPORATE CITY NA MATATAGPUAN SA BARANGAY ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

Ipinanukala nina: *Kgg. Mggl. Jo Jason T. Alcaraz*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Nicanor L. Echavez, MD*
*Kgg. Victor L. Ulanday*
*Kgg. Dante S. Almario*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.*
*Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Artemio A. Simundac*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*

**SAPAGKAT,** ang Filinvest Alabang, Inc., sa pamamagitan ni Mggl. Efren Gutierrez, pangulo ng kumpanya, ay humingi sa Pamahalaang Lokal ng Lungsod ng Muntinlupa, at sa pamamagitan ng Kapasiyahang Bayan Bilang 94-162, ito ay nabigyan ng Locational Clearance at Development Permit para sa kanilang mixed-use development na tinawag na Filinvest Corporate City na matatagpuan sa Barangay Alabang, Lungsod ng Muntinlupa.

**SAPAGKAT,** habang ginagawa ang nasabing proyekto, may mga pagbabago o alterasyong isinagawa ang Filinvest Alabang, Inc. sa Site Development Plan nito. Ito ang mga sumusunod sa wikang banyaga:

a. "Underpass leading directly to the toll plaza;"
b. "Underpass at the intersection of Bridgeway Avenue and Alabang Zapote Road;"
c. "National Government's Land Allocation ;"
   1. "Socialized housing of 2.55 hectares. This is without prejudice to claim up to a maximum of 4.0 hectares if there are still relocatees entitled to on-site relocation, pursuant to the Joint Venture Agreement between the Muntinlupa City Government and the Filinvest Corporate City.
   2. "BFAD - 3.48 hectares;"
   3. "RITM - 3.19 hectares;"
   4. "Liwasan ng mga Bayani - 0.49 hectares."
d. "The open space abutting the creek was adjusted to conform with the natural and existing flow;"
e. "Drainage system was adjusted to accommodate the Ayala-Alabang Village outflow;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

*Pahina 2*
***Kautusang Panlungsod Blg. 01-085***

f. "Major drainage bypass to catch the flow of foul water from neighboring subdivisions;"
g. "Extension and connection of road to Commerce Avenue."

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Executive Order No. 71, sa pamamagitan ng Republic Act No. 7160 o Local Government Code ng 1991, ang kapangyarihan ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) na magpatibay ng preliminary at final subdivision plans ng lahat ng subdivisions ay inilipat na sa mga pamahalaang lokal o Local Government Units;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Republic Act 7160, partikular ang Seksyon 458 (2) (x), ang Sangguniang Panlungsod sa Batas ay may kapangyarihang magproseso at magpatibay ng mga residensyal, komersyal, o industriyal na gamit at iba pang pagpapaunlad na proyekto,

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng Kautusang Panlungsod Blg. 91-39 ng Lungsod ng Muntinlupa ang kapangyarihan ng Sanggunian na magpatibay ng mga Subdivision Plans;

**SAPAGKAT,** nakapaloob sa kapangyarihang nabanggit sa itaas ang pagpapatibay ng Site Development Plans;

**SAPAGKAT,** ang kapangyarihan ng Sanggunian Panlungsod ng Muntinlupa na magpatibay ng Subdivision Plans at Site Development Plans ay nangangahulugan din ng kapangyarihan na baguhin ang mga pinagtibay na Subdivision Plans at Site Development Plans;

**SAPAGKAT,** ang Filinvest Alabang, Inc. ay nagsumite ng Amended Site Development Plan ng Filinvest Corporate City at hinihiling na ang mga pagbabago o alterasyon na isinagawa dito ay mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** sa pagbabago ng Site Development Plan ng Filinvest ay isasaalang-alang nito ang tubig na dadaloy sa Laguna de Bay upang maiwasan ang pagbaha sa mga lugar na nasa baybayin ng nasabing lawa;

**SAPAGKAT,** matapos ang masusing pag-aaral sa mga dokumentong isinumite at dahil na rin sa rekomendasyon ng Panlungsod na Administrador ng Pagsona, nararapat na pagtibayin ang nasabing Amended Site Development Plan ng Filinvest Corporate City;

**NGAYON, DAHIL DITO,** sa bisa ng kapangyarihang inilipat sa Sangguniang Panlungsod na tungkulin ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB), ay buong pagkakaisang ***pinagtitibay*** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang ***Amended Site Development Plan*** ng Filinvest Corporate City na matatagpuan sa Barangay Alabang, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **14 Marso 2001** sa kanilang ika-**117** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUNAYAN:**

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Panghapagang Punong Mayorya/Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa: _____

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196